



# Magtatapos ang moratorium sa pagdiskonekta sa 1/5/24 para sa mga kostumer sa Maui

*Narito ang Hawaiian Electric para panatilihin kang konektado*

## Oras na para kumilos

Ang moratorium sa mga pagdiskonekta para sa hindi pagbabayad ay magtatapos sa Enero 5, 2024 para sa mga kostumer sa Maui. Kung lampas na sa takdang petsa ang iyong account, ngayon na ang oras para pumili ng iskedyul ng pagbabayad na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Ang mga kostumer na nasa isang plano sa pagbabayad ay hindi napapailalim sa aming proseso ng pagdiskonekta. Mag-sign up ngayon para sa walang-interes na kasunduan sa pagbabayad. Pumunta sa hawaiianelectric.com/paymentarrangement para masuri ang mga opsyon – mula apat hanggang anim na buwan – at magsumite ng kahilingan.

## Magplano nang maaga

Depende sa iyong balanse, mag-iiba ang halaga ng hulog para sa bawat kostumer. Kung maliit ang iyong bayad na napalampas sa takdang petsa, maaaring mas maliit na bahagi ng iyong normal na singil ang halaga ng hulog. Gayunpaman, kung hindi ka pa nagbabayad ng anumang mga singil sa loob ng higit sa anim na buwan, maaaring higit sa doble ang iyong singil.

## Ano ang mangyayari kung hindi ako makapagbayad?

Kung hindi mo babayaran ang halagang dapat bayaran habang nasa plano ng pagbabayad, maaari itong magpasimula ng aktibidad na pagkolekta at maaaring madiskonekta ang iyong serbisyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kaagad kung kailangan mo ng tulong o upang gumawa ng pagbago sa iyong kasunduan. Nandito kami para tumulong.

## Mayroon bang anumang makukuhang tulong?

Hinihikayat ka naming humingi ng tulong sa gobyerno at sa nonprofit na ahensya. Bagama't hindi pinangangasiwaan ng Hawaiian Electric ang mga programang ito, nakikipagtulungan kami sa kanila. Tingnan ang listahan ng mga madudulugan sa hawaiianelectric.com/windstormresponse.

**Para sa mga layunin ng paglalarawan, narito ang isang HALIMBAWA ng kung paano gumagana ang isang 6 na buwang opsyon sa pagbabayad:**

*Ang isang-ikaanim ng napalipas na balanse ay dapat bayaran bawat buwan sa loob ng anim na buwan – bukod sa iyong kasalukuyang mga singil. Sa unang buwan ng iyong plano sa paghulog, isasama sa iyong Halagang Dapat Bayaran ang iyong kasalukuyang mga singil + 1/6 ng iyong natitirang balanse.*

*Sabihin nating mayroon kang natitirang balanse na $600.*

- *Hatiin ang balanse sa bilang ng mga buwan sa plano ng pagbabayad: $600 na hinati sa 6 = $100*
- *Kung ang iyong kasalukuyang singil ay $150, magkakautang ka ng $150 + $100. Ang kabuuang halagang dapat bayaran ay magiging $250.*
- *Kakailanganin mong bayaran ang karagdagang 1/6 na natitirang balanse, kasama ang kasalukuyang singil, sa loob ng anim na magkakasunod na buwan.*